Review

# *Mila:* Drama o Melodrama?

Virgilio C. Ventura

---

Isang palasak na kaalaman ang kakayahan ng pelikula na sumalamin ng buhay. Ang tunggalian ng mga pananaw tungkol dito ay natalakay na ng mga pag-aaral tungkol sa pampelikulang teorya at kritisismo. Isang malaking hamon para sa mga manunulat at direktor ng pelikula ang pagsasabuhay ng realidad sa pinilakang tabing. Kinakailangang makuha ng isang mahusay na direktor ang tamang timplada sa pagitan ng realismo at komersiyalismo o ang pagiging makatotohanan at pagiging melodramatiko. Sa mga ganitong punto ko susuriin ang pelikulang *Mila* ni Joel Lamangan ng Viva Films. Tatalakayin ko muna ang mga batayang teorya ng aking kritisismo bago ko talakayin ang buod, ilang teknikal na aspeto ng pelikula, at pagsusuring muling tutunghay sa mga teoryang inilatag.

Isa sa mga pangunahing tagapagtaguyod ng realistang pananaw sa pelikula ang Alemang historyador at maka-estetikong si Siegfried Kracauer. Sinasabi ni Kracauer na dahil isang litrato ng realidad ang pelikula, ito lamang ang may kakayahang sumalamin sa kalikasan. Nililikha muli ng pelikula ang batayang materyal ng pisikal na mundo sa isang likhang sining. Ginagawa nitong imposible para sa isang pelikula na gawing isang "dalisay" na pagpapahayag ng mapanghubog na intensiyon o ng abstrakto at malikhaing pagpapahayag ng kanyang mga emosyon. Para kay Kracauer, isang malinaw na obligasyon at isang espesyal na pribilehiyo ng pelikula na itala at ilantad, at pagkatapos ay tubusin, ang pisikal na realidad (Mast and Cohen 2). Ngunit para sa pampelikulang kritikong Ingles na si V. F. Perkins, posibleng mapagsama ang pagtatala o dokumentasyon na katungkulan ng pelikula at ang makapantasyang hangarin nito (Mast and Cohen 4). Ang mga pananaw na ito ay tatangkain kong pag-ugnayin sa pagpuna sa pelikulang *Mila* ni Joel Lamangan.

Ang pagtalakay sa usaping panlipunan tungkol sa papel ng edukasyon, pagtuturo at buhay ng mga guro ay masasabing pangkaraniwan na. Paulit-ulit itong tinatalakay sa mass media at kahit na sa kasaysayan ng panitikang Filipino. Kung bakit napakalakas ng kapit ng usaping ito tungkol sa buhay ng isang guro sa ating kamalayan ay masasagot marahil sa kahalagahan ng propesyong ito sa paghubog ng tinatawag nating sambayanang Filipino.

Ang propesyon ng pagtuturo ay matagal nang pinupuna. Isang magandang halimbawa ang nobela ni Dr. Jose Rizal na *Noli Me Tangere* (1887) na tumalakay sa hinagpis ng isang guro tungkol sa kanyang propesyon sa ilalim ng pamumuno ng mga fraile. Bagamat sa pampolitikang aspeto natin mas kilala si Rizal, hindi natin maikakaila ang halaga ng kanyang pedagohiya hindi lamang sa mga naging estudyante niya sa Dapitan kundi maging sa patuloy na paglinang ng identidad ng sambayanang Filipino.

Ang buhay ni Anita Pamintuan na isinapelikula ni Joel Lamangan sa karakter ni Mila Cabangon ay masisipat bilang isang pedagohiya ng pagtuturo. Ang buhay ni Mila ay nagsimula nang ipinamigay siya ng kanyang ina sa gulang na apat na taon. Para kay Mila, ang pangyayaring ito sa kanyang nakaraan ay naglalarawan ng isang kontradiksiyon sa kanyang buhay. Ang mapagkalingang tungkulin ng isang ina o ng isang pamilya ay hindi natugunan, bagkus sinalungat ito ng ginawang pamimigay sa kanya ng kanyang ina. Nang komprontahin ni Mila ang ina kung bakit siya ipinamigay nito, walang paliwanag na maibigay ang huli dahil hindi niya rin tiyak kung bakit. Isang kondisyon ng walang katiyakan na nakasandal mismo sa kontradiksiyon ng pagkatao at ugnayan sa lipunang kinabibilangan. Nang ipamigay siya sa isang mabuting kamag-anak, pinilit ni Mila na maiangat ang sarili sa pamamagitan ng pag-aaral at pagpasok sa propesyon ng pagtuturo. Ngunit sadyang bahagi ng plano ng kanyang tadhana ang patunayan ang isang bagay sa ating lipunan. Pinasok niya ang propesyon ng pagtuturo na pinamamahalaan ng institusyon ng edukasyon na pinamumugaran din ng sariling pang-institusyong kontradiksiyon.

Si Mila na isang guro sa elementarya ay nagsikap na bigyan ng katuturan ang kanyang pagiging guro hindi dahil sa ito ay isang trabaho lamang kundi bilang isang propesyon na nangangailangan ng isang moral, matatag, at mapagkalingang pananampalataya.

Ngunit sa gitna ng mga pagsubok ng buhay ay makikita rin ang pagiging tunay na tao ni Mila sa kanyang mga panandaliang pag-aagam-agam tungkol sa kabuluhan ng lahat ng mga pangyayari sa kanyang paligid. Nariyan ang eksena kung saan tinatanong niya ang kanyang mga kagurong nagwewelga kung tama nga ba ang kanilang ginagawang paggigiit sa kanilang karapatan na taasan ang kanilang suweldo. Nariyan din ang eksena kung saan ay hindi niya masagot-sagot ang tanong ng kanyang kapwa guro tungkol sa dahilan kung bakit siya napadpad sa masalimuot na mundo ng mga palaboy at dukhang nilalang ng Ermita. Nariyan din ang hindi niya kayang ipaliwanag na takbo ng kanyang buhay-pag-ibig kung saan nakakuha siya ng mahihina at walang kuwentang lalaki. Nariyan din ang para sa kanya ay hindi malinaw na relasyon nila ng kanyang ina. Higit sa lahat, nariyan din ang kontradiksiyon sa loob ng propesyon ng pagiging guro at institusyon ng eskuwelahan.

Ngunit hindi inalintana ni Mila ang lahat ng ito. Tulad ng isang tunay na bayani ng bayan, tinanggap niya ang mga pangyayaring ito sa kanyang buhay nang may pagsisikap na gawin ang mga bagay sa abot ng kanyang kakayahan. Tahimik niyang nilandas ang kanyang kapalaran hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay. Tunay siyang bayani dahil hindi itinalaga ni Mila para sa sarili ang pagiging bayani. Ang karangalang ito ay iginawad sa kanya mismo ng mga tao na ang mga buhay ay kanyang kinalinga at isinaloob. Sa kanyang pakikipamuhay sa mundo ng mga naisantabi, ang tunay na bayani ay laging may aral na ibinabahagi sa lipunang kanyang ginagalawan. Mula kapanganakan ay naging markado na ang buhay ni Mila bilang isang naisantabing nilalang at bilang kabahagi ng mga buhay na naisantabi.

Kung ang buhay ni Mila ay isang buhay na walang katiyakan tulad ng "isang dahon na pinapadpad ng hangin sa kung saan mang lansangan," ganoon din ang institusyon ng edukasyon na may mapagkalingang tungkulin hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na sa mga gurong gumagabay ng mapagkalingang tungkulin na pagtuturo. Ang mababang pasuweldo at ang hindi makataong paniniil sa karapatan ng mga guro na maipahayag ang kanilang mga hinaing nang walang banta ng pagkakatanggal sa trabaho ay isang kondisyon na walang katiyakan para sa propesyon ng pagtuturo. Ang kalagayang ito ang siyang kontradiksiyon na markadong tatak ng institusyon na isinilang bilang isa sa mga pang-estadong *apparatus*

(Althusser 1984) ng ating kolonyal na nakaraan. Ang kontradiksyong ito ay nakita ni Mila sa pagsasabing nalulungkot siya sa eskuwelahan na kung saan ay ginagawang "*second class citizens*" ang mga guro. Sa pamamagitan ng retorika ng pagkalinga, at ginagawang normal na kamalayan ng lipunan ang moral na tungkulin ng isang guro na iangat at unahin ang tungkulin ng pagtuturo kaysa sa sariling pangangailangan—isang disenyo ng pagsasamantala at paniniil. Isang tungkuling panlipunan daw kasi ang pagtuturo at sapat na ito para sa isang guro upang mabuhay. Ngunit nasaan ang katarungan? Isang pangungutya sa buhay na walang katiyakan ang pagsusuring ginawa ni Mila tungkol sa kanyang buhay: "*Teacher* ako. Pero wala namang *lesson plan* ang buhay ko."

Ang buhay ni Mila o Anita at ng mga taong nagsisikap na maiangat ang kanilang mga sarili sa gitna ng napakaraming paghihirap dala ng kalagayang mapaniil at mapagsamantala sa isang lipunan ay nagsisilbing diskurso ng protesta sa loob ng lipunang ito. Para kay Mila, ang eskuwelahan ay nagmistulang halimaw na kinakailangang layuan nang hindi siya makain nito. Ngunit ang paglayong ito ay hindi katumbas ng pagbibitiw ng tungkulin sa pinanumpaang propesyon sa pagtuturo. Mula sa kandungan ng mga taong naisantabi sa Ermita, nagniningning ang katapatan ni Mila sa kanyang propesyon. Ipinakita niya na ang pagtuturo ay hindi kinakailangang ikulong sa isang kuwarto lamang na ginagabayan ng mapaniil na mga regulasyon. Bitbit niya ang mga baraha ng alpabeto at ang angking talino, tinuruan ni Mila ang mga musmos ng lansangan kung paano magbasa, magsulat, at magbilang. Itinuro niya rin sa mga batang ito kung paano mangarap at magsikhay sa isang mundong walang katiyakan. Ngunit sa pagbabahagi niya ng mga kaalamang ito, siya man ay may natutuhan din mula sa mga kapuspalad na nilalang ng lansangan. Naibahagi din ng mga taga-Ermita kay Mila ang tunay na anyo ng lipunan. Si Mila na isang guro ay may natutuhan din mula sa mga dukha ng lipunan. Ang sabi pa ng karakter na si Mr. De Castro tungkol kay Mila:

> Wala siyang *honors*, wala siyang *grants*, ni wala siyang *masters degree*. Pero sa ating lahat, si Mila ang may pinaka-edukadong puso. Pinapaalala niya sa atin na ilang ulit man tayong ituring na napakababa ng ibang tao, ilang ulit man tayong maliitin, ang teacher ay isang malaking tao at ang pagtuturo ay isang propesyon na ipinagmamalaki nating lahat.

Salamat sa pelikula ni Joel Lamangan at kahit papaano'y pumailanlang muli ang usapin sa madramang kalagayan ng mga guro. Madrama dahil sa mga lantad na kontradiksiyon na nabanggit. Salamat kay Lamangan at hindi maililibing sa limot ang kuwento ni Mila.

Tunay na tinubos ng pelikula ni Lamangan ang buhay ni Anita Pamintuan mula sa baul ng paglimot. Ang pagsisikap na ito ni Lamangan ay siyang tinutukoy ni Kracauer na literal na mapanubos na katungkulan ng pelikula sa mga usapin sa lipunan o mundo tulad ng usapin tungkol sa kalagayan ng mga guro o ang pagpapahalaga sa kapakanan ng edukasyon mula sa nahihimbing na estado ng mga ito, isang estado ng tuluyang pagkawala o paglimot sa pamamagitan ng pagdanas nito sa kamera (Mast and Cohen 2-3).

Ngunit ang puna sa esensiya ng pelikula, ayon kay Perkins, ay hindi natin maaaring sambitin upang maipagtanggol ang ating pamantayan.

> Ang paglilinaw sa mga pamantayan ay dapat makatulong sa pagpapaunlad ng disiplina ng kritisismo na hindi naghahangad ng mga obligasyon sa direktor ng pelikula. Ang kritisismo at ang mga teorya tungkol dito ay tumutukoy sa ugnayan ng yamang mapapakinabangan at kanais-nais na silbi/pungsiyon. Ang mga ito ang siyang nagtatangkang magtalaga kung para saan mabuti ang midyum. Ngunit hindi maaring italaga ng mga ito ang kung ano ang mabuti para sa midyum dahil ang katanungang ito ay walang saysay (46).

Nangangahulugan ba kung gayon na hindi ko na maaring punahin ang esensiya ng pelikula ni Lamangan? Hindi siyempre, dahil ang tinutukoy ay ang kabuuang pamantayang kritisismo sa pelikula at hindi ang mga partikularidad ng pelikula tulad ng "yamang mapapakinabangan at kanais-nais na silbi/pungsiyon" (*available resources and desirable function*) ang tinutukoy na dapat suriin.

> Criticism and its theory are concerned with the interplay of available resources and desirable functions. They attempt to establish what the medium is good for. They cannot determine what is good for the medium, because the question is senseless.

> The search for appropriate criteria leads us to observe limitations; it does not allow us to prescribe them. Anything possible is also permissible, but we still have to establish its value. We cannot assess worth without indicating function (Perkins 42).

Dahil sa puntong ito ay maaari ko nang tukuyin ang puna sa kung saan mabuti ang pelikula ni Lamangan.

Sa pagsasapelikula ng *Mila*, nagawa ni Lamangan na mailarawan ang madramang kalagayan ng mga guro sa lipunang Filipino. Angkop ang disenyong pamproduksiyon at sinematog-rapiya. Mahusay ang pagkakaganap ng mga artista tulad nina Cherry Pie Picache, Tony Mabesa, Kaye Abad, Serena Dalrymple, Nonie Buencamino, Princess Punzalan, Jim Pebangco, Berting Labra, Mario Magallona, at ang mga bata. Kaya lang, isang nakakayamot na karanasan sa panonood ang ipinakitang pag-arte ni Piolo Pascual. Ito'y isang *melodramatic* na pagganap na kapos sa isang matatag na tuntungang emosyon at senyales na rin ng kabuuang karakter ng pelikula. Isang histerikal na pagganap na hindi naman talaga kinakailangan ang ipinakita ni Pascual. Kinakailangan pa talaga ni Pascual ang isang puspusang pagwo-*workshop*. Bagaman isang napakahusay na artista naman itong si Caridad Sanchez, isang limitadong papel ang nasaksihan sa kanya.

Ang pelikulang *Mila* ang siyang pinakabagong obra ni Lamangan na nagpapahayag sa kanyang 'radikal' na pananaw na tumutuligsa sa mga "pang-eskapismong sining na tumutugon sa pang-institusyong pangangailangan ng mga nasa kapangyarihan" (*The Sunday Chronicle* 29) at nagbibigay puwang sa "pang-alternatibong sining na isinaisantabi at laging binabagabag ng mga pagbabanta mula na rin mismo sa mga nasa kapangyarihan" (*The Sunday Chronicle* 29). Tunay na ang *Mila* ay isang pelikula ng protesta sa gitna ng kumunoy ng mga pelikulang eskapista na naglipana ngayon sa industriya ng pelikulang Filipino. Ngunit bagaman ganito ang pangkalahatang pagtataya sa kabuluhan ng *Mila* ni Lamangan, kinakailangan pa ring suriin ang lalim o babaw ng pelikulang ito. Walang duda na matapang ang *Mila* sa paglalarawan sa kalagayan ng mga guro at ng mapaniil na tugon ng institusyon ng edukasyon. Ngunit sa paglalapat ng drama na nakatuon lamang sa bida, inanod nang husto ng melodrama ang buong pelikula. Matingkad ang mensaheng moralistiko na siyang lapit ng melodrama. Ngunit ang

ganitong lapit ay hindi nakatulong bagkus naging sagabal pa sa isang makatotohanang paglalarawan sa buhay ng mga guro sa konteksto ng lipunang kanilang ginagalawan.

Bagaman nagawa ng direktor na pag-ugnayin ang tunggalian ng pagkatao at ng institusyon, isang kahinaan sa aking isip ang mas pagpapahalaga ni Lamangan sa drama ng buhay ni Mila. Para sa akin ay hindi niya nailarawan nang tuwiran ang *punto de vista* ng institusyon ng edukasyon at natalakay ang kontradiksiyon na pumapaloob dito. Napakahina ng tutok para dito kung iisipin ang papel na ginampanan ni Caridad Sanchez na maaring isiping siyang representasyon ng institusyon. Sa isang banda, maaaring gawing tugon ni Lamangan na kaya ganito ang takbo ng pelikula ay dahil tunay na kay Mila nga nakatutok ang drama ng istorya. Ngunit ang mga tema na may malaking kinalaman ang lipunan at mahahalagang institusyon nito ay kinakailangan ng mas malalim na paglalahad dahil nakakawing ito sa kalagayan ng indibidwal. Hindi lamang dapat nakatutok sa indibidwal na kalagayan, realidad, o pananaw ang pelikula. Tulad ng ibang pelikula ni Lamangan sa Viva Films—*Pangako ng Kahapon* (1994), *Flor Contemplacion* (1995), *Bakit May Kahapon Pa?* (1996), at *Sidhi* (1999)—ang *Mila* ay makikitaan ng pagiging melodramatiko.

Bilang isang uri ng drama, ang melodrama ay makikitaan ng isa o ilan man sa mga sumusunod na mga elemento: bigong pag-ibig, tunggalian o trahedya sa pamilya, sakit, o emosyonal at pisikal na paghihirap. Madalas na ang bida sa ganitong mga pelikula ay nasasangkot o ipinapakita sa mga di-kapani-paniwalang pangyayari o pakikipagtunggali sa mga kaibigan, pamayanan/pamilya/ institusyon, o mangingibig. Halos lahat nang ito ay masasaksihan ng manonood sa pelikulang *Mila*. Ang tunggalian ni Mila at ng kanyang ina, ang bigong relasyon ni Mila sa kanyang asawa at sa kanyang mangingibig, ang pagkakasakit nito, at ang tunggalian ng kanyang propesyon at ng institusyon ng edukasyon ang siyang mga halimbawa ng mga elementong tinutukoy ko. Tunay na isang di-kapani-paniwala ang kinahinatnan ng bida sa pandulong bahagi ng pelikula. Saan ka nakakita ng isang gurong hindi alam pangalagaan ang kanyang sariling kalusugan? Mahusay ang relasyon nila ng kanyang tiyo at may kinikita rin naman siya kahit paano sa kanyang maliit na tindahan sa Ermita. Bakit hindi niya nagawang makabili ng gamot na ikalulunas ng kanyang sakit? Bakit kinakailangan pa niyang magpaulan?

Marahil ito na nga ang aspeto ng komersiyalismo ng pelikula. Kinakailangan ni Lamangan ang hatak ng mga luha ng madla sa pamamagitan ng emosyonal na drama higit pa sa dramang intelektuwal o kung papaano nalilinaw ang mga kontradiksiyon ng buhay sa kaisipan ng manonood. Sa ganitong punto, hindi natutugunan ng pelikula ang panlipunang katungkulan nito sa: (1) pagtatala at paglalantad sa pisikal na realidad; at (2) pagtuturo sa lipunan dahil kapos ito mismo sa kaalaman sa pedagohiya ng pagtuturo. Marahil ay wala nga sa plano ni Lamangan ang magturo kundi ang magbigay ng aliw na naisakatuparan nga ng pelikula. Ngunit may nakakaaliw nga ba sa kontemporanyong kaayusan at mga pangyayari sa buhay ng mga naisaisantabi ng lipunan? Marahil ito na nga ang manipestasyon ng pakikipagkompromiso ni Lamangan sa realidad ng buhay. Kinakailangan ng hatak na pangkomersiyal upang tangkilikin ang kanyang pelikula. Sa ganitong punto natin masasabi na kulang ang pagtitiwala ni Lamangan sa kakayahan ng kanyang manonood na maintindihan ang potensyal na mensahe ng kanyang pelikula. Sa puntong ito, masasabi ko na bagaman nagamit ni Lamangan ang mga rekursong materyal ng pelikula ay hindi niya natukoy ang tunay na silbi/pungsiyon ng kanyang pelikulang *Mila*.

Sa puntong ito rin natin dapat suriin ang madalas na ipinapalagay ng iba na radikalismo ni Lamangan bilang direktor. Pinapakahulugan sa salitang *radikal* ang proseso ng paglilinaw na sangkap ang gawaing pagtunton sa ugat ng isang problema o usapin. Sa ganitong pakahulugan sa salitang *radikal* natin maitatanong kung may nalilinaw nga bang problema o drama tungkol sa realidad sa ating lipunan sa ating mga isipan ang mga pelikula ni Lamangan? Batay sa madalas na pahapyaw na paglalarawan ni Lamangan ng buhay sa kanyang mga pelikula sa pamamagitan ng melodramatikong lapit sa mga panlipunang isyu na kanyang itinututok lamang sa mga protagonista, may pagsasalamin bang ginagawa si Lamangan tungkol sa ating buhay? Mas yayabong pa ang radikalismo sa mga pelikula ni Lamangan kung mas mapapalalim pa niya ang karakterisasyon ng mga usaping panlipunan higit pa sa karakterisasyon ng kanyang bida sa pelikula. Gabay sa pagpapalalim lagi ng drama ang pagtatanong sa ugat ng problema na, sa kaso ng *Mila*, mas nakatutok dapat sa institusyon ng edukasyon kaysa sa melodrama ng karakter na bida. Sa sandaling magawa ito ni Lamangan tunay na masasabing naitalaga na niya ang kanyang reputasyon bilang isang makabuluhang pampelikulang direktor sa ating lipunan at kultura.

## MGA SANGGUNIAN

Althusser, Louis. *Ideology and Ideological State Apparatusses, Essays on Ideology*. London: Verso, 1984.

Mast, Gerald, and Marshall Cohen, eds. *Film Theory and Criticism: Introductory Readings*. 3rd ed. USA: Oxford UP, 1985.

*Mila*, Viva Films, 2001. Joel Lamangan, director.

*The Sunday Chronicle* 9 November 1997, 29.

***Virgilio C. Ventura** earned his Masters degree in International Studies from the College of Social Science and Philosophy of the University of the Philippines Diliman in 2001. He received his Bachelor of Arts in Communication Research degree at the U.P. College of Mass Communication in 1995. He taught at the U.P. College of Arts and Letters from June 1999 to October 2001. He is likewise a Founding Member of the U.P. International Studies Society and has written extensive researches, columns, and feature articles on matters relating to children, women, indigenous people, environment, and education in Philippine society. He is currently a Research Fellow at the La Consolacion College Manila.*